Tunay na kabilang sa pinakamasasama sa mga tao ang mga maaabutan ng Huling Sandali habang sila ay mga buhay at ang mga gumagawa sa mga libingan bilang mga sambahan."}

Ayon kay `Abdullāh bin Mas`ūd (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Nakarinig ako sa Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na nagsasabi: "Tunay na kabilang sa pinakamasasama sa mga tao ang mga maaabutan ng Huling Sandali habang sila ay mga buhay at ang mga gumagawa sa mga libingan bilang mga sambahan."}
[Maganda] [Nagsalaysay nito si Imām Aḥmad]

Nagpapabatid ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) tungkol sa pinakamasasama sa mga tao, na sila ay ang sasapitan ng Huling Sandali habang sila ay mga buhay at ang mga gumagawa sa mga libingan bilang mga sambahan, na nagdarasal sa tabi ng mga iyon o paharap sa mga iyon.

https://sunnah.global/hadeeth/tl/show/3375

النجاة الخيرية
ALNAJAT CHARITY
لجنة الدعوة الإلكترونية
EDC E-Da'wah Committee